## APPLICATION

- Sa anong bahagi ng buhay mo kailangan ang pananaw ng Diyos? Paano mo makikita ang iyong sitwasyon sa pananaw at kaparaanan ng Diyos?
- Ano ang isang bagay na maaari mong gawin ngayong linggo upang mas lalo pang sumunod sa Diyos?
- Ano ang isang ipinangako sa iyo ng Diyos na hinihintay mong Kanyang tuparin? Paano mo magagawang maging matiyaga gaya ni Caleb habang ikaw ay naghihintay sa tamang oras ng Diyos?

## PRAYER

- Magpasalamat na alam ng Diyos ang lahat at na taglay Niya ang lahat ng kapangyarihan, at na ibinigay Niya sa atin ang kakayahang magawa ang lahat ng bagay sa pamamagitan ni Cristo.
- Hingin sa Diyos ang kalakasan na sumunod sa Kanya ng lubusan sa lahat ng bagay at sa lahat ng oras. Ipanalangin na malalaman mo ang tamang oras at kagustuhan ng Diyos habang ikaw ay sumusunod sa Kanya.
- Manalangin kasama ang isang tao tungkol sa isang pangako na iyong pinaniniwalaan mula sa Diyos ngayong taon. Ihayag ang iyong pagtitiwala sa Diyos at sa Kanyang tamang oras.

VICTORY

© 2016 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph

DARE TO BELIEVE

FILIPINO **WEEK 3**

# Pananampalataya na Mapagtagumpayan

## NOTES

## WARM-UP

- Ibahagi ang paborito mong laro noong ikaw ay bata pa. Bakit mo ito labis na gusto?
- Nagugustuhan mo ba ang pagsasalita sa harap ng maraming tao? Bakit oo o bakit hindi?
- Kung maaari kang magretiro sa kahit na anong lugar, anong lugar ang pipiliin mo? Bakit ito ang iyong napili?

**WORD**

*“Kaya ibigay mo sa akin ang kabundukan na ipinangako sa akin noon ng Panginoon. Ikaw mismo ang nakarinig noon, na nakatira roon ang mga angkan ni Anak at matitibay ang mga bayan nila na may pader. Pero sa tulong ng Panginoon, mapapaalis ko sila sa lupaing iyon ayon sa pangako niya sa akin.”* **JOSUE 14:12**

(Basahin din ang **JOSUE 10:6-11.**)

---

Si Caleb ay isa sa mga pinadala upang maging espiya sa Lupang Ipinangako. Sa kabila ng pader na nakapalibot dito at mga dambuhalang tao na dito ay nakatira, alam ni Caleb sa kanyang puso na kasama nila ang Diyos at tutulungan Niya sila na maangkin ang lupain—gaya ng Kanyang ipinangako. Buo ang pagtitiwala ni Caleb sa pangako ng Diyos at siya ay may matibay na pananampalataya hanggang sa huli, kahit na halos lahat ay nawalan na ng pag-asa. Sa araling ito, ating titingnan kung paano tayo magkakaroon ng pananampalataya na gaya ng kay Caleb, upang magawa nating talunin ang mga dambuhala sa ating sariling mga buhay.

## 1 Tingnan ang iyong sitwasyon sa pananaw ng Diyos.

*Pinakalma ni Caleb ang mga tao sa harapan ni Moises, at sinabi niya, “Lalakad tayo at sasakupin natin ang lupain, dahil nasisiguro kong maaagaw natin iyon.”* **MGA BILANG 13:30**

Sinasabi sa Bibliya na si Caleb ay may ibang pag-uugali (Mga Bilang 14:24). Maaari tayong maging katulad ng lahat, o maaari tayong maiba, at magkaroon ng Espiritu ng Diyos. Maaari nating makita kung ano lamang ang nakikita ng lahat, o maaari nating makita kung ano ang nakikita ng Diyos. Dahil kayang gamitin ng Diyos ang ating mga pinagdaraanan (mabuti man o masama) at gawin silang mga patotoo para sa Kanyang mga layunin, hindi natin dapat pahintulutan ang kabiguan, pangamba, o kaya ay kawalan ng pag-asa na maghari sa atin, bagkus ay hayaan natin ang Diyos na tulungan tayong makita ang sitwasyon ayon sa Kanyang nakikita. Ayon sa Mga Taga-Filipos 4:13, ano ang kaya mong gawin sa pamamagitan ni Cristo?

## 2 Sumunod sa Diyos ng lubusan.

*Ngunit tinakot ng mga kasama ko ang mga kababayan natin. Pero ako, matapat kong sinunod ang Panginoon kong Diyos.* **JOSUE 14:8**

Ang tiwalang ibinigay ni Caleb sa Panginoon ay hindi bahagya lamang. Bagama’t ang kanilang sitwasyon ay nagdudulot ng pangamba sa marami, naging ganap ang kanyang pagsunod sa Panginoon—gaya ng hinangad ng Diyos sa kanya. Dapat na maging buo ang ating debosyon sa Diyos, kahit na ito ay hindi madaling gawin, at kahit pa sinasabi ng mga tao sa ating paligid na huwag itong gawin. Ano ang pinakamahalagang utos na itinuro ni Jesus sa Mateo 22:36-38?

## 3 Tanggapin ang ipinangako ng Diyos sa Kanyang tamang panahon.

*Hanggang ngayon, ang Hebron ay pagmamay-ari ng mga angkan ni Caleb na anak ni Jefune na Kenizeo dahil matapat na sinunod ni Caleb ang Panginoon, ang Diyos ng Israel.* **JOSUE 14:14**

Hindi kinalimutan ni Caleb ang pangako ng Diyos, kahit na inabot ng ilang dekada ang katuparan nito. Sa halip ay pinanghahawakan niya ang mga ito sa pananampalataya. Kung ikaw man ay nasa sitwasyon na tila walang kabuluhan, tandaan na ang Diyos ay kumikilos at ginagawa niya ang lahat para sa kabutihan (Mga Taga-Roma 8:28). Ang tamang oras ay maaaring magmistulang maling oras, subalit sa Diyos, ang lahat ng bagay ay nasa tamang oras. Bakit ang *timeline* o mga itinakdang oras ng Diyos ang laging pinakamabuti para sa atin?